# Mga Batas sa Paggawa ng Estado ng Washington

## Narito ang ilan sa mga karaniwang Batas sa Paggawa ng Estado ng Washington



**Minimum na Sahod**

- Kailangang bayaran ng employer ang mga empleyado ng minimum na sahod para sa lahat ng oras na nagtrabaho ayon sa itinakda ng batas ng estado.

**Oras ng Pahinga**

- Kailangang bigyan ang mga empleyado ng bayad na pahinga na walang tungkulin nang hindi bababa sa 10 minuto sa bawat 4 na oras na trabaho.





**Oras ng Pagkain**

- Kailangang bigyan ang mga empleyado ng oras ng pagkain kapag mahigit limang oras silang nagtatrabaho sa isang shift.
- Ang oras ng pagkain ay dapat hindi bababa sa 30 minuto at magsimula sa pagitan ng ikalawa at ikalimang oras ng shift.

**Overtime**

- Karamihan sa mga empleyadong nagtatrabaho nang mahigit 40 oras sa loob ng 7-araw na linggo ng pagtatrabaho ay kailangang bayaran ng overtime.
- Ang bayad sa overtime ay dapat hindi bababa sa 1.5 beses ng regular na hourly rate ng empleyado.



**Mga Reklamo Kaugnay ng Karapatan ng Manggagawa**

- Ang Wage Payment Act ng Estado ng Washington ay nagbibigay ng mga pangunahing karapatan para sa mga manggagawa. Nagbibigay daan din ito upang magsampa ng reklamo kaugnay ng karapatan ng manggagawa kung naniniwala kayong nalabag ang mga karapatan ninyo.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Batas sa Paggawa at mga Karapatan ng mga Manggagawa sa Estado ng Washington, pumunta sa www.lni.wa.gov/workers-rights**

Adult Family Home Council OF WASHINGTON STATE
Long-Term Care Foundation of Washington State
PIM SAVVY COMMUNITY OUTREACH
SHIP Grant Program — Safety and Health Investment Projects — Lni.wa.gov/SafetyGrants
Funding and support provided by the Department of Labor & Industries